

Ang Mga Dapat Malaman ng Bagong Mamamayan Ukol Sa

Mga Batas

Ang polyetong ito ay magpapaliwanag kung sino ang mga lumilikha ng batas sa Canada at kung paano makakahingi ng payo tungkol dito.

Upang malaman ang ibat-ibang hukuman sa Nova Scotia, bisitahin ang: www.courts.ns.ca.

Kung gustong may makausap, bisitahin ang www.gov.ns.ca/just/court_Services/justice_centres.asp.

Ang parliamento ng bansa ay may mga nakalathalang aklat sa "online" ukol sa saligang batas at uri ng pamahalaan: www.parl.gc.ca/About?Parliament?SenatorEugeneForsyth/Home?Index-e.html

Upang malaman ang nauukol sa mga kasulatang mga karapatan at kalayaan, bisitahin ang: <http://laws.justice.gc.ca/eng/charter/page-1.html>

Kaalaman ukol sa nakahimpil na abogado sa hukuman (Duty Counsel), bisitahin ang: www.nslegalaid.ca/provided.php

Talaan ng Nova Scotia Legal Aid Office: www.nslegalaid.ca/contact.php

Ang lugar ng Dalhousie Legal Aid Service ay nasa: E-mail: legalaid@dal.ca. Telepono: 902 423-8105. Hindi sila nagbibigay ng payo sa email.

Ang klinikang takas sa ibang bansa sa Halifax ay nasa: 1581 Grafton Street, Halifax, NS B3J 2C3. Telepono: 902 422-6736. Bisitahin ang: <http://halifaxrefugeclinic.org>

Mga kit na makatulong sa pansariling kaalaman ukol sa hukuman: www.courts.ns.ca/self_rep/self_rep_kits.htm

Pagbayad sa multa dahil sa paglabag sa batas: www.gov.ns.ca/snsmr/access/online-services.asp

Ang polyetong ito ay naglalahad ng karaniwang batas sa Canada at hindi sinasakop ang tunay na payo ng abogado.

LEGAL INFORMATION
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

5523 B Young Street
Halifax, Nova Scotia
Canada B3K 1Z7

NOVA SCOTIA

Nilikha sa tulong nang Probinsya ng Nova Scotia

March 2012

LEGAL INFORMATION
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

● Nakatanggap ako ng babala upang humarap sa hukuman. Saan ako pupunta?

Ang lugar na iyong pupuntahan ay nakasulat sa babala kasama ang petsa at oras ng pagharap sa hukuman. Upang matutunan ang ibat-ibang lugar ng hukuman, sumangguni sa talaan na nakaulat sa katapusang pahina.

● Paano ako magbabayad ng multa sa paglabag sa trapiko?

Maaari kang magbayad ng multa sa kompyuter (on line), sa opisina ng tanggapan ng sulat, o sa tanggapan ng bayaran. Bisitahin ang website ng pamahalaan ng Nova Scotia sa nsjustice.com. Maaring ding tawagan ang 1 877 445-4012.

Ang multa sa paglabag ng paghimpil ng sasakyan sa lansangan ay sakop ng pamahalaan ng munisipalidad. Ang paraan ng pagbayad ay inilalahad ng "website" ng munisipyo. Ang hindi magbayad ng multa sa paglabag ng paghimpil ng sasakyan sa lansangan o paglabag sa trapiko ay binibigyan ng babala upang humarap sa hukuman.

Mga karagdagang karunungan:

Simulang maghanap sa inilalahad ng "LISNS online legal information". Maraming paksa ukol sa batas ang: www.legalinfo.org

Upang makatanggap ng walang bayad na karunungan ukol sa batas, tawagan ang sumusunod na numero: 1 800 665-9779 o 455-3135.

Kailangan ng abogado? Tumawag sa sanggunian ng mga abogado (Lawyer Referral Service): 1 800 665 9779 o 445-3135. Maaring makipagpulong ng kalahating oras sa abogado sa halagang \$20 + HST. Ang abogado ang makapagbibigay ng mahalagang kasagutan sa mga katanungan.

Gusto mo ba lamang mapakinggan ang mga nakatala sa telepono ukol sa isang paksa? Tumawag sa "Dial-a-Lawyer", 420-1888

Mabibigyan ka ng tagapag salin ng wika kung ikaw ay nadakip ng pulis o kailangang humarap sa hukuman. Ang iba pang karunungan ukol sa batas na nasa kompyuter o online:

Pambansang batas ng Canada :
<http://laws.justice.gc.ca>

Batas ng pamahalaan ng Nova Scotia:
<http://nslgislature.ca/legc/index.htm>

Batas ng pamahalaan ng munisipyo:
<http://www.gov.ns.ca/snsmr/mums/>

● Ako ay humingi at nabigyan ng sertipiko ukol sa tulong pambatas (Legal Aid Certificate).

Ano ito?

Ang "Legal Aid Certificate" ay nagbibigay sa iyo ng karapatan upang makahingi ng tulong sa pribadong abogado (abogado na hindi nagtatrabaho at nakahimpil sa tanggapan ng "Legal Aid Office") na may loobing tumulong sa iyo. Ang tanggapan ng "Legal Aid" ang magbabayad sa pribadong abogado. Ang tanggapan din ng "Legal Aid" ay may talaan ng mga abogado na maaring tumanggap ng sertipiko. Kung makatagpo ka ng abogado sa iyong pook na wala sa talaan ng "Legal Aid", ang magbibigay sila ng sertipiko sa abogadong iyong napili.

● Ano ang aking magagawa kung ako ay hindi tanggapin ng abogadong tumutulong sa batas ("Legal Aid")?

May karapatang maghabol ang tao na tinanggihan ng tulong ng abogado sa "Nova Scotia Legal Aid". Gumawa ka ng sulat ng paghahabol sa pasiya at ibigay sa lupon ng paghahabol (Appeal Committee). Ipaliwang sa iyong sulat ang dahilan sa pangangailangan ng tulong sa "Legal Aid". Ikaw ay mabibigyan ng labinlimang minuto (15 minutes) na pakikipag-ugnayan ukol sa paghahabol. Ang ugnayan ay maaring gawin sa harapan o sa telepono, o kaya naman ay maaring hilingin lamang na basahin ang iyong sulat ukol sa paghahabol. Kung ang pakikipag-ugnayan ay harapan, maari kang magsama ng taong makapagpapalakas ng iyong loob.

Ang lupon ng paghahabol (Appeal Committee) ay magbibigay ng pasiya sa pamamagitan ng sulat o pagtawag sa telepono. Karaniwan ng abutin ang pasiya sa loob ng isang linggo.

● Kailangan ko ba ng abogado pagharap ng hukuman?

Hindi mo kailangan ng abogado. Ikaw ay maaring kumatawan sa iyong sarili pagharap sa hukuman. Ito ay tinatawag na "self representation". Hindi mo maaring katawanin ang pagharap sa hukuman kung ang dahilan ay nauukol sa pagkalupog ng ari-arian (bankruptcy).

Basahin ang "kit" ukol sa sariling pagharap sa hukuman kung nais mong katawanin ang pagharap sa hukuman Ang "kit" ay matatagpuan sa "Courts Nova Scotia website". Kahit nais mong ikaw ang kumatawan sa hukuman, malaking kabutihan ang paghingi ng payo ukol sa batas bago humarap sa hukuman.

Ang batas ay isang uri ng mga alituntunin, patnubay, mga karapatan at pananagutan ukol sa kilos at gawi ng ating pamumuhay. Mailalahad ng batas ang mga kaugalian ng lipunan. Mayroong tatlong uri ng pamahalaan ang lumilikha ng batas sa Canada: pambuong bansa (federal), probinsiya (province), at munisipyo o` local na bayan (local community).

● Paano ginagawa ang mga batas sa Canada?

Ang mga batas sa Canada ay ginawa sa dalawang kaparaanan:

Ang mga aksyon ng batas na may pangalang “**statutes**” ay nilikha ng pamahalaan ng buong bansa (federal) at ng mga probinsiya (provincial). Ang kalahatang aksyon ng batas ay pinapangalanan din na “Acts”. Halimbawa: ang batas ng Canada ukol sa karapatan ng katauhan (Canadian Human Rights Act), ay batas sa buong bansa ng Canada na nangangalaga upang hindi tanggihan ang tao dahil siya ay babae o` lalaki, may kapansanan, at paniniwala sa pagsamba.

Ang mga batas ng pamahalaan ng Canada o` “Government of Canada” ay pinaiiiral sa buong bansa (federal law). Halimbawa: batas ukol sa malubhang pagkakasala o` kriminal at batas ukol sa diborsyo.

Ang mga batas ng pamahalaan ng probinsya ay pinaiiiral lamang sa probinsya. Halimbawa: batas ukol sa pag-iwan ng sasakyan sa lansangan at batas ukol sa pag-iingay.

Ang batas ukol sa usapin (**Case law**) ay pinaiiiral ng mga hukom ayon sa mga pasiya na isinampa sa hukuman.

Ang hukuman ang nagbibigay kahulugan sa batas. Ito rin ang magpapasiya kung sino ang lumalabag sa batas at kung anong parusa ang karapatdapat.

● Ang batas ukol sa usapin (Case law) ay pinaiiiral ng mga hukom ayon sa mga pasiya na isinampa sa hukuman.

Ang hukuman ang nagbibigay kahulugan sa batas. Ito rin ang magpapasiya kung sino ang lumalabag sa batas at kung anong parusa ang karapatdapat.

● Ano ang kaibahan sa batas ng krimen (criminal law) at sa batas ng kabihasan (civil law)?

Ang batas ng krimen (criminal law) ay nagpapairal na mahadlangan ang mga may bantang panganib sa mamamayan. Ang paglabag sa batas ng krimen ay tinatawag na (crimes or offences). Ang batas ukol sa

krimen (criminal law) ang magpapatong ng parusa sa mga nagkasala at lumabag sa batas na ito.

Ang pagmamaneho habang nakainom, pagnanakaw, at intensiyong pagbugbog (assault) ng kapwa ay mga halimbawa ng paglabag sa batas ng krimen. Ang sinumang napagbintangan na lumabag sa batas ng krimen ay may karapatang litisin sa harap ng hukom.

Ang mga kaalamanan ukol sa batas ng krimen ay matatagpuan sa polyetong may pamagat “*What Newcomers Need To Know About Criminal Law*” o` ano ang dapat malaman ng bagong mamamayan ukol sa batas ng krimen.

Ang batas ng kabihasan (civil law) ay nauukol sa mga alitan ng magkapitbahay, o` ng dalawang tao, grupo o` negosyo. Halimbawa: batas sa pinapasukang trabaho, batas sa pangangasera, batas sa paniniguro at batas ukol sa pamilya.

● Ano ang ibig sabihin ng mga Kasulatan ukol sa Karapatan at Kalayaan (Charter of Rights and Freedom)?

Ang mga kasulatang ito ay itinuturing na patakaran sa karapatan at kalayaan para sa lahat ng mamamayan sa Canada. Ito ay bahagi ng Saligang Batas ng Canada (Canadian Constitution). Nakalahad sa saligang batas ang mga nakatakandang palakad ng pamahalaan ukol sa karapatan at kalayaan ng mamamayan. Ang lahat ng mamamayan ay nagtatamasa ng karapatan at kalayaan, tulad ng karapatan sa pagsasalita at karapatan sa mga sakdalan. Subalit, ang karapatan sa pag-boto ay nakalaan lamang sa tunay na mamamayan ng Canada.

● Kailan ko kakailanganin ang abogado?

Maraming kadahilanan ang paghingi ng payo sa abogado. Halimbawa: pagtatayo ng negosyo, pamimili o` pagtinda ng bahay, at pag- gawa ng testamento.

Maari ka ring humingi ng payo sa abogado ukol sa hablahan, o` kung ikaw naman ay nasaktan sa sakuna. Ang abogado ang maaring kumatawan para sa iyo sa hukuman.

Ang mga tunay lamang na may katangian, lisensiya, at nakasigurong abogado sa Nova Scotia ang may karapatang magpayo ukol sa batas. Ang sanlipunan ng mga abogado sa Nova Scotia (Nova Scotia Barrister’s Society) ay may talaan ng mga naka-sigurong abogado: www.nsbs.org

● Paano ako makakakuha ng abogado?

Sumangguni sa mga kaibigan o` kamag-anakan kung mayroon silang kakilalangdalubhasang na abogado na nakapagpayo na sa kanila. Kung ang nasabing abogado ay hindi nagpapayoy ukol sa batas ng kanyang pagsasanay, maaari siyang mag rekomenda ng ibang abogado ukol sa batas na iyong kailangan.

Tumawag sa “Legal Information Society of Nova Scotia” upang makakuha ng Kaalamanan ukol sa mga paglilingkod ng abogado (Lawyer Referral Service). Ang mga pangalan ng abogado ay nakatala sa talaan ng telepono. Hanapin sa dilaw na pahina sa pangalang “Lawyers”.

● Anong mga kaalamanan ang nararapat ibigay sa abogado?

Paghandaan ang pakikipag-ugnay. Dalhin ang lahat ng impormasyon ukol sa kaso. Halimbawa, papeles ukol sa petsa, at oras sa pagharap ng hukuman at ang mga utos ng hukuman. Kinakailangan ang kasalukuyang tirahan at telepono. Hindi dapat ikahiya o ikatakot na tanungin kung gaano katagal aabutin ang kaso at magkano ang singil sa payo.

Karamihan sa mga abogado ay maniningil ng paunang bayad (retainer) bago simulan ang paglakad ukol sa kaso. Ang tawag dito ay “retainer”.

Ang abogado mo ang kakatawan sa iyo sa lahat ng pakikipag-usap ukol sa kaso. Huag kang lalakda nang anomang papeles na hindi kaharap o` alam ng iyong abogado. Sabihin agad sa abogado kung hindi mo matupad ang araw na pakikipag-ugnay sa kanya upang mai-ayos sa ibang araw ang ugnayan.

Kausapin at tanungin ang abogado sa lahat ng bagay ukol sa iyong kaso sapagkat siya ang nararapat kumatawan sa iyong kapakanan at magbibigay ng payo ukol sa kaso.

Isiping mabuti ang mga payo ng abogado. Kung hindi ka ayon sa kanyang payo, sabihin ang gusto mong mangyari. Maaaring isama ka ng abogado sa pagharap sa hukuman kung kinakailangan.

Maaaring bumitiw ng paglilingkod sa iyo ang abogado kung ikaw ay tumanggi sa pagharap o` hindi sumunod sa turo niyang dapat gawin. Maaring bitawan ka rin ng abogado kung ang gusto mong mangyari ay hindi makatuwiran.

● Makakakuha ba ako ng tulong upang humarap sa hukuman kung wala akong abogado?

Mayroong tagapayong abogado na nakahimpil sa ilang hukuman (Duty Counsel lawyer). Tawagan ang hukuman o` “Nova Scotia Legal Aid” na iyong pupuntahan kung mayroon silang abogado na makakatulong sa iyo. Ang nakahimpil na abogado sa hukumang iyong pupuntahan ay magbibigay ng walang bayad na payo.

Ang abogado ay makapagbibigay ng lukom na payo (summary advice) sa maikling pagtawag o` ugnayan batay sa impormasyon na ibibigay mo sa kanila.

Ang tagapayong abogado na nakahimpil sa hukuman ay hindi maaaring makikatawan para sa iyo.

● Paano ako makakakuha ng walang bayad na tagapag-alinsunod ng batas (legal aid)?

Ang “Nova Scotia Legal Aid” ay maaring hingan ng walang bayad na payo kung walang maibayad sa abogado. Tumutulong silang magpayo sa mga kaso ukol sa batas ng pamilya, krimen at iba pa.

Ang “Dalhousie Legal Aid Service” ay tumutulong sa pook ng kabayanan. Tumutulong sila sa mga nasubukang kaso (test cases) na may layuning itanggol ang mga karapatan ng mahihirap sa Canada.

Ang mga tagapayong abogado na nakahimpil sa hukuman (legal aid) ay hindi maaring hirangin sa mga kaso ukol sa pangdarayuhan at takas sa ibang bansa.

Ang mga takas sa ibang bansa ay maaring humingi ng tulong sa “Halifax Refugee Clinic”.

Narito ang mga kinakailangan upang matulungan ng “legal aid”:

- Katunayan ng iyong kita, katulad ng papel na naglalahad kung magkano ang iyong kinita. Kailangan din ang kopya ng pagbabayad ng iyong buwis o` babala ukol sa tasa ng buwis.
- Mga dokumento ng hukuman at papeles ukol sa sakdal na kriminal at iba pang mga bagay na utos ng hukuman.
- Katibayan ukol sa kalusugan (health card) o` lisensiya sa pagmamaneho (driver’s licence).